

THE BOOK OF MEMORIES

The Marawi conflict: Families of the missing tell their stories



ICRC

THE BOOK OF MEMORIES

ANG AKLAT NG MGA ALAALA

This publication is dedicated to all those still missing, and their families who continue to search for answers in the aftermath of the Marawi conflict.

Special thanks and recognition goes to the families of the missing who showed immense strength and courage in sharing their stories.

We would also like to thank the ICRC teams in Butuan, Cotabato, Manila and Zamboanga whose support played an important role in the completion of this publication.

Introduction:
Marlene Herbig, ICRC

Photographs and text:
Larry Monserate Piojo

Editors:
Colleen Abesamis, ICRC
Marlene Herbig, ICRC
Joyce William John, ICRC
Allison Lopez, ICRC
Rachel Malaguit, ICRC

Interview transcriptions and translations:
Mariegen Balo, ICRC
Arben Balsote, ICRC
Radzmie Hanapi, ICRC
Amer Hassan Sanggacala, ICRC
Rajema Grace Villegas, ICRC

Design:
Samuel Genita Jr., ICRC

Published in 2025 by:
International Committee of the Red Cross (ICRC)

TABLE OF CONTENTS

MGA NILALAMAN

Message from the head of the ICRC’s delegation in the Philippines Mensahe mula sa pinuno ng delegasyon ng ICRC sa Pilipinas	1
Foreword by relatives of the missing Paunang salita mula sa mga kapamilya ng nawawala	4
Introduction Panimula	8
Living with absence: Families of those missing since the Marawi conflict tell their stories Pamumuhay sa kawalan: Mga kuwento ng mga pamilya ng mga taong nawala dahil sa giyera sa Marawi	13
Abdurazid, Rizmah	14
Agagaring, Regina	16
Alam, Husna J.	18
Alamada, Sittienor Ali	20
Alonto, Rosita	22
Aminolla, Sophia H. Omar	24
Ansao, Alfredo	26
Arimala, Rogelia	28
Asis, Marivic	30
Baduli, Belinda	32
Berden, Gloria	34
Buyog, Bolawan D.	36
Dumadag, Pablito	38
Edon, Puti Andal	40
Gaan, Emilia	42

Halillula, Nilda	44
Lomabao, Rahima A.	46
Lomala, Aminah	48
Macapil, Queenie	50
Mangumpit, Augustina	52
Mariam*	54
Merlo, Emma	56
Muallam, Munaira	58
Obedencio, Chyrallynne Mae I.	60
Palahang, Litisia	62
Radia, Jalil	64
Relativo, Felicisimo	66
Saidali, Norma Alabain	68
Sali, Saatra	70
Tibong, Florencia	72
Tome, Gloria L.	74
About the photographer	76
<i>Tungkol sa litratista</i>	

* requested to withhold her real name
nakiusap na huwag gamitin ang totooang pangalan

MESSAGE FROM THE HEAD OF THE ICRC’S DELEGATION IN THE PHILIPPINES



Eight years have passed since the conflict in Marawi ended, but its people are still struggling. Many parts of the city’s most affected area are still in ruins and some survivors of the conflict continue to live in transitional shelters, in far from ideal conditions. Families that are still looking for their missing loved ones have been suffering greatly from the anguish and uncertainty of not knowing what happened to them.

Since 2017, the International Committee of the Red Cross (ICRC) has been supporting people affected by the conflict, including the families of the missing. In our work as a neutral and impartial humanitarian organization, we have witnessed the financial and psychosocial challenges they face, as well as the legal and administrative barriers that prevent them from receiving pensions and property rights from the government. **The uncertainty that they have had to live with has also often isolated them from other members of their communities**, who may not fully understand their continuing pain.

Despite these challenges, the families of the missing are incredibly resilient. Their determination to seek answers is inspiring and offers hope for the future. We have worked with 31 families to create *The Book of Memories* as a tribute to those who are missing since the Marawi conflict. **This book is also a living testimonial of the strength of the family members left behind.** Here they share their deeply personal stories of loss and the treasured objects that once belonged to their missing loved ones. We hope this book preserves the memories of the missing, for they should never be forgotten.

However, remembrance is just the first step in the journey to finding answers. It is not enough. **Families need—and have the right—to know, what happened to their loved ones.** This is not just a humanitarian necessity. **Providing answers to the families of the missing is a legal obligation.** As the guardian of international humanitarian law (IHL), or the rules of war, the ICRC reminds parties involved in an armed conflict to do

everything possible to find out what happened to the missing. The obligation to prevent people from going missing and to account for those reported missing is enshrined in the Geneva Conventions and their Additional Protocols, to which the Government of the Philippines is a party.

We urge the authorities to provide answers to the families of the missing as eight years is a long time. Without answers, they will never find closure, hindering true peace and reconciliation in the community.

To the families of the missing, I want to say, thank you for sharing your stories. I know that speaking about your loved ones is difficult, which is why your commitment to telling people what you have been through is admirable. Your memories are valuable; they are sacred. We are awed by your strength and your dedication to your cause. We hope that one day you will finally get the recognition, assistance and support that you need to completely rebuild your lives.

Johannes Bruwer
Head of Delegation
International Committee
of the Red Cross (ICRC),
Philippines

MENSAHE MULA SA PINUNO NG DELEGASYON NG ICRC SA PILIPINAS

Walong taon na ang lumipas mula nang matapos ang giyera sa Marawi, ngunit patuloy pa ring nahihirapan ang mga taong naapektuhan nito. Karamihan sa mga pinakaapektadong lugar ng lungsod ay nananatiling wasak, at ang ilang nakaligtas sa labanan ay patuloy na naninirahan sa mga pansamantalang tirahan, sa mga hindi masyadong maayos na kalagayan. Ang mga pamilyang patuloy na naghahanap sa kanilang nawawalang mahal sa buhay ay labis na nagdurusa mula sa dalamhati at kawalan ng katiyakan sa kung ano ang nangyari sa kanila.

Mula noong 2017, ang International Committee of the Red Cross (ICRC) ay sumusuporta sa mga taong apektado ng giyera, kabilang ang mga pamilya ng mga nawawala. Sa aming trabaho bilang isang neutral at walang kinikilingang organisasyong humanitarian, nasaksihan namin ang mga pinansiyal at sikolohikal na hamong kanilang kinakaharap, pati na rin ang mga legal at administratibong hadlang na pumipigil sa kanila

na makatanggap ng pensiyon at karapatan sa ari-arian mula sa gobyerno. Dahil sa kawalang-katiyakan, madalas ay malayo ang kanilang loob sa ibang kasama sa komunidad na maaaring hindi lubos na naiintindihan ang kanilang pagdurusa.

Sa kabila ng mga hamong ito, ang mga pamilya ng nawawala ay napakatatag. Ang kanilang determinasyon na maghanap ng mga kasagutan ay nagbibigay-inspirasyon at pag-asa para sa hinaharap. Nakipagtulungan kami sa 31 pamilya upang malikha ito, *Ang Aklat ng mga Alaala*, upang gunitain ang kanilang mga kapamilyang naglaho mula noong giyera sa Marawi. **Ang aklat na ito ay isa ring buhay na patotoo ng tatag ng mga pamilyang naiwan.** Dito nila ibinabahagi ang kanilang personal na kuwento ng pagkawalay at ng mga mahalagang bagay na dating pag-aari ng mga nawawalang mahal sa buhay. Umaasa kami na ang aklat na ito ay magpapanatili ng mga alaala ng mga nawawala, sapagkat hindi sila dapat makalimutan.



An ICRC field officer comforts a family member of a person who went missing during the Marawi conflict.

Gayunpaman, ang pag-alala ay unang hakbang lamang sa paglalakbay patungo sa paghahanap ng mga kasagutan. Hindi ito sapat. **Kailangan ng mga pamilya—at karapatan nila—na malaman kung ano ang nangyari sa kanilang mga mahal sa buhay.** Ito ay hindi lamang isang makataong pangangailangan. **Ang pagbibigay ng mga sagot sa mga pamilya ng nawawala ay isang legal na obligasyon.** Bilang tagapangalaga ng international humanitarian law (IHL) o batas ng giyera, pinaaalalahanan ng ICRC ang mga partido sa armadong labanan na gawin ang lahat ng kanilang makakaya upang malaman ang nangyari sa mga nawawala. Ang obligasyon na pigilan ang pagkawala ng mga tao at ang pagtukoy sa mga naiulat na nawawala ay nakapaloob sa Geneva Conventions at sa mga Additional Protocol, kung saan ang Pamahalaan ng Pilipinas ay isang partido.

Hinihimok namin ang mga opisyal na magbigay ng mga kasagutan sa mga pamilya ng nawawala

dahil matagal na ang walong taon. Kung hindi mabibigyan ng mga kasagutan ang mga pamilyang ito, hindi sila kailanman maghihilom, na hadlang sa tunay na kapayapaan at pagkakasundo sa komunidad.

Sa mga pamilya ng mga nawawala, nais kong magpasalamat sa pagbabahagi ninyo ng inyong mga kuwento. Alam kong mahirap magbahagi tungkol sa inyong mga mahal sa buhay, kaya naman kahanga-hanga ang inyong dedikasyon sa pagkukuwento sa mga tao ng inyong mga pinagdaanan. Ang inyong mga alaala ay mahalaga; ito ay sagrado. Hinahangaan namin ang inyong lakas at dedikasyon sa inyong layunin. Umaasa kami na balang araw ay makakamit ninyo ang pagkilala, tulong, at suporta na inyong kailangan upang ganap na mabuo muli ang inyong buhay.

Johannes Bruwer
Pinuno ng Delegasyon
ICRC, Pilipinas



Sophia H. Omar Aminolla (left) and her mother have been searching for their missing loved one since 2017.

FOREWORD BY RELATIVES OF THE MISSING

In a world where the weak remain unheard and undervalued, and where the strong thrive in search of peace, I choose to stand veiled yet open to express my thoughts and hopes, seeking to find light and answers to my questions. I hope this book becomes an instrument through which our voices are heard and it is recognized, understood and acknowledged that the families of the missing have needs and vulnerabilities that must be addressed.

For over eight years, we have been living with ambiguity and grief because of the loss of our missing loved ones. This journey has become more difficult over time, making us feel like we are invisible to the rest of the world and that we must struggle with grief our whole lifetime.

If we stop remembering and honouring missing people, it means we have stopped searching for them or abandoned our quest. It is like burying them alive somewhere. Pursuing the truth means living with dignity, honour and value. I **don't want to stop the search. Never!**

Therefore, giving importance to and honouring our missing loved ones serves to prove that we continue to hope, and this gives our elderly parents, siblings, friends and fellow families of the missing the strength to live with purpose. Everyone experiences various difficulties in life, but what the families of missing people go through is the hardest in many ways – only those with a similar experience can fully understand.

At the lowest point in my life, when I was overwhelmed by devastating sadness and hopelessness, the ICRC became a source of strength and guidance in my journey towards healing. I am just one of the thousands of people around the world who had once lost their hope and their right to know the truth about the search for their loved ones.

Gratefully, I was chosen to be part of the ICRC's accompaniment programme and was taught how to manage my emotions and weaknesses; above all, I found a new family, a support network where I felt secure, heard, recognized and valued. The ICRC

helped us process our emotions, starting from scratch, and gave us the strength to lift ourselves up and try once more. The team showed us how to connect with people regardless of race, religion or beliefs. They encouraged us to share our pain, validated our emotions and inspired us to continue living despite the ambivalence we felt.

Therefore, we, the families of the missing who were affected by the conflict in Marawi in 2017, are amplifying our message to the Philippine government and its leaders, urging them to address our needs. We urge the government to provide us with concrete information about our loved ones. We emphasize our right to know and expect immediate action to ensure accountability and justice.

We appeal to them to find out what happened to our missing loved ones. We need to live with dignity again. We seek access to free legal services, education, employment and livelihood opportunities, as well as other essential support that will help us to rebuild our lives alongside a continued and intensified search of the missing.

The hope and positivity we have gained drives us to walk through life even better.

SOPHIA H. OMAR AMINOLLA
Sister of a missing person

PAUNANG SALITA MULA SA KAPAMILYA NG MGA NAWAWALA

Sa isang mundo na ang mahihina ay hindi napakikinggan at pinahahalagahan, at ang malalakas ay nagtatagumpay sa paghahanap ng kapayapaan, pipiliin kong manatiling nakalambong ngunit bukás sa pagpapahayag ng aking mga saloobin at hangarin, upang mahanap ang liwanag at sagot sa aking mga katanungan. Umaasa ako na ang aklat na ito ay magiging isang instrumento upang marinig ang aming mga tinig, na nararapat kilalanin at unawain, at para mabigyang-diin na ang mga pamilya ng mga nawawala ay may mga pangangailangan at kahinaan na marapat dinggin.

Sa loob ng mahigit walong taon, nabubúhay kami sa kawalan ng katiyakan at sa dalamhati dahil sa pagkawala ng aming mga mahal sa búhay. Naging mas mahirap ang paglalakbay na ito sa paglipas ng panahon, na nagpadama sa amin na parang hindi kami umiiral sa mundo, at buong búhay naming kailangang labanan ang aming dalamhati.

Kung titigil tayo sa pag-alala at pagbigay-pugay sa mga nawawalang tao, nangangahulugan ito na tumigil na tayo sa paghahanap sa kanila o tinalikuran na natin ang ating layunin. Para itong paglibing sa kanila nang buháy sa kung saan man. Ang paghahanap sa katotohanan ay kailangan para mamuhay nang may dignidad, karangalan, at halaga. Ayokong itigil ang paghahanap. Hindi kailanman!

Samakatuwid, ang pagpapahalaga at paggalang sa ating mga nawawalang mahal sa búhay ay nagpapatunay na patuloy tayong umaasa, at ito ay nagbibigay sa ating mga magulang, kapatid, kaibigan, at kapuwa pamilya ng mga nawawala, ng lakas upang mabuhay nang may layunin. Ang bawat isa ay nakararanas ng iba't ibang hirap sa búhay, ngunit ang pinakamahirap sa lahat ay ang pinagdadaan ng mga pamilya ng mga nawawalang tao—tanging ang mga may katulad na karanasan lamang ang ganap na makauunawa. Sa pinakamalungkot na bahagi ng aking

búhay, noong ako ay nalulunod sa matinding kalungkutan at kawalan ng pag-asa, ang ICRC ang nagbigay sa akin ng lakas na gumabay sa akin tungo sa paghilom. Isa lamang ako sa libu-libong tao sa buong mundo na minsang nawalan ng pag-asa at karapatan na malaman ang katotohanan tungkol sa nawawala nilang mahal sa búhay.

Nagpapasalamat ako na napili akong maging bahagi ng accompaniment program ng ICRC, at doon, tinuruan ako kung paano harapin ang aking mga emosyon at kahinaan; higit sa lahat, nakatagpo ako ng bagong pamilya—ang aking support network—na nagparamdam sa akin na ako’y ligtas, pinakikinggan, kinikilala, at pinahahalagahan. Tinulungan kami ng ICRC na intindihin ang aming mga damdamin, mula sa umpisa, at binigyan kami ng lakas upang bumangon at sumubok muli. Ipinakita sa amin ng team kung paano makipag-ugnayan sa mga tao anuman ang lahi, relihiyon, o paniniwala. Hinikayat nila kami na ibahagi ang aming dinaramdam, kilalanin ang aming mga damdamin, at akayin kami na magpatuloy sa pamumuhay sa kabila ng kaguluhan na aming nararamdaman.

SOPHIA H. OMAR AMINOLLA
Kapatid na babae ng nawawalang tao

Kaya’t kami, ang mga pamilya ng mga nawawalang tao dahil sa giyera sa Marawi noong 2017, ay nagpaparating ng ang aming mensahe sa pamahalaan ng Pilipinas at mga pinuno nito, at hinihimok silang tugunan ang aming mga pangangailangan. Hinihikayat namin ang pamahalaan na magbigay sa amin ng kongkretong impormasyon tungkol sa aming mga mahal sa búhay. Binibigyang-diin namin ang aming karapatan na magkaroon ng kasagutan, at inaasahan namin ang agarang aksiyon upang matiyak ang pananagutan at katarungan.

Nananawagan kami sa kanila na alamin kung ano ang nangyari sa aming mga nawawalang mahal sa búhay. Kailangan naming mamuhay muli ng may dignidad. Naghahangad kami ng libreng serbisyon legal, edukasyon, trabaho, at mga oportunidad sa kabuhayan, pati na rin ang iba pang mahahalagang tulong upang muling buuin ang aming mga búhay, kasabay ng patuloy at pinaigting na paghahanap sa mga nawawala.

Ang pag-asa at positibong pananaw na aming natamo ang nagtutulak sa amin na tahakin ang búhay nang mas matiwasay.



This publication is important to me because it documents the people who worked and lived in Marawi and became victims of the conflict. It is important to remember and honour them as they are considered heroes by their families for their effort and sacrifice to support their loved ones. This book also shows the grief of those left behind and the continued longing of each family for their relatives lost since 2017.

The stories shared here should persuade the government to continue to help and support the remaining families, especially orphaned children who hope to continue their education. We hope that the government will persist in its efforts to search for or identify our missing family members and give us answers on their fate and whereabouts. One way is through the DNA test results that we are still waiting for.

Mahalaga sa akin ang publikasyong ito dahil nagdodokumento ito ng mga tao na nagtrabaho at nanirahan sa Marawi at naging biktima ng giyera. Mahalagang alalahanin at parangalan sila dahil itinuturing silang mga bayani ng kanilang mga pamilya bunga ng kanilang pagsisikap at sakripisyo upang masuportahan ang kanilang mga mahal sa búhay. Ipinapakita rin ng aklat na ito ang kalungkutan ng mga naiwan at ang patuloy na pananabik ng bawat pamilya para sa kanilang mga kamag-anak na nawala mula noong 2017.

Ang mga kuwentong ibinahagi dito ay marapat na makahikayat sa pamahalaan na ipagpatuloy ang pagtulong at pagsuporta sa mga naiwang pamilya, lalo na sa mga batang naulila na umaasang maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Umaasa kami na magpapatuloy ang pamahalaan sa pagsisikap nitong hanapin o tukuyin ang aming mga nawawalang kapamilya at sa pagbibigay sa amin ng mga kasagutan tungkol sa nangyari at sa kanilang kinaroroonan. Ang isang paraan ay sa pamamagitan ng mga resulta ng DNA test na hinihintay pa rin namin.

MARIVIC ASIS
Sister of of a missing person; president of the
Families of Missing Association
Kapatid na babae ng nawawalang tao;
pangulo ng Families of Missing Association

*Translated from original message in Visayan language
Isinalin mula sa Bisaya, orihinal na linggwahe
ng mensahe*

INTRODUCTION

A rusty steel saw left in a corner, unused for years. A pair of trousers worn every day, now carefully put away. A guitar that once filled a home with music, now gathering dust. These everyday objects have become precious reminders for the families of the missing; they are symbols of love and longing, and the unanswered questions that linger every day: Where are they? What happened to them? Will they come back?

Each item tells a story, not only of those who disappeared during the Marawi conflict but also of those who are left behind. “For five years, this wallet stayed with us. It had been in the pocket of his torn jeans, which I’d already put away. One day, I saw those jeans and remembered him. I reached into the pocket, found the wallet and burst into tears. I couldn’t believe that after all that time his things were still intact; this wallet, untouched, even after five years,” recalls a mother. These objects preserve memories, but they cannot replace answers. Eight years since the conflict, over 300 families are still searching for their missing loved ones, unable to find closure.

The Marawi conflict began on 23 May 2017, when non-state armed groups clashed with Philippine security forces and turned the city into a battlefield. What followed was five months of intense fighting, which forced people to flee their homes and left much of the city in ruins. The conflict displaced over 300,000 people, many of whom lost not only their houses but also their livelihoods. Some lost trace of their loved ones and have been waiting for clarity since then.

Years after the Marawi conflict ended, the families of the missing still face numerous challenges,

from financial insecurity to not knowing where their loved ones are or what happened to them. Yet, the families have found strength in each other.

Since 2017, the ICRC has been supporting and assisting the families of the missing in their quest to find normalcy. To address their multifaceted needs, the ICRC launched an accompaniment programme, a multidisciplinary initiative that provides families with emotional, financial and practical support. Through peer support groups, information sessions and individualized assistance, the programme has created a space for families to connect with others who share similar experiences, receive guidance on legal and financial matters, and find ways to cope with daily struggles.

A key component of this initiative is mental health and psychosocial support, which has helped families handle the profound uncertainty surrounding their missing relatives by drawing on their own strengths and resources, as well as those available in their communities. By fostering support networks and providing essential information, the programme—which concludes in 2025—has helped families regain stability while continuing their search for answers.

The Book of Memories is a tribute to the missing and a testament to the strength and determination of their families. Through deeply personal testimonies and treasured objects from 31 families—mothers, fathers, wives, children, sisters and aunts living in Lanao del Norte, Lanao del Sur, Misamis Oriental, the Zamboanga Peninsula and Basilan—we get a glimpse into the



Photo: Ramin Hashempour/ICRC

Marawi City, Lanao del Sur (2018). Portrait of a displaced man who lost contact with his parents when he fled the conflict.

“ It’s so hard to accept that they’re gone, and I can’t even see them. The pain in my heart won’t go away. ”

– Mother of a missing person

pain and suffering that they are going through. The stories that they share also reflect their resilience and their unwavering hope that their futures will be brighter. This publication honours their missing loved ones, preserves their stories and ensures that their legacies are not forgotten.

With this book, we hope people will come to understand that the issue of missing people is one of the most devastating and lasting humanitarian consequences of conflict. Without

answers, families are trapped in an endless cycle of uncertainty, creating barriers to peace and reconciliation. Each passing day without their loved ones prolongs their suffering. “It’s so hard to accept that they’re gone, and I can’t even see them. The pain in my heart won’t go away,” shares one mother.

Behind every missing person, countless others are left searching, hoping and grieving. They deserve recognition and support from their communities and the authorities. While significant progress has been made, there is still a need to fully address the cases of missing people from the Marawi conflict. Authorities must intensify efforts to find out what happened to those who disappeared during the conflict and provide their families with long-awaited answers.

As families tell their stories and speak about their experiences, we hope it is another step towards healing and getting answers to their long-held questions. This book is a reminder of the families’ strength, love and right to know. It is also a **call to action**—the missing must not be forgotten and their families must be supported in their quest to know the fate and whereabouts of their loved ones because they deserve to know the truth.

PANIMULA

Isang kinakalawang na lagari na iniwan sa isang sulok, hindi nagamit ng maraming taon. Isang pares ng pantalong isinusuot araw-araw, ngayon ay maingat na nakatabi. Isang gitara na minsang pumuno sa tahanan ng musika, ngayo’y balót ng alikabok. Ang mga pang-araw-araw na bagay na ito ay naging mahalagang alaala para sa mga pamilya ng mga nawawala; ito ay mga simbolo ng pagmamahal at pananabik, at ng mga tanong na nananatili araw-araw: *Nasaan na sila? Ano ang nangyari sa kanila? Babalik ba sila?*

Bawat bagay ay may kuwento, hindi lamang ng mga nawala noong giyera sa Marawi kundi pati na rin ng mga naiwan. “Sa loob ng limang taon, nanatili sa amin ang pitakang ito. Nasa bulsa ito ng kanyang punit na maong, na naitabi ko na. Isang araw, nakita ko ang mga maong na iyon, at naalala ko siya. Kinapa ko ang bulsa, hinanap ang pitaka, at bigla akong napaiyak. Hindi ako makapaniwala na makalipas ang ilang taon, buo pa rin ang mga gamit niya; ang pitakang ito, hindi nagalaw, kahit na limang taon na ang lumipas,” naalala ng isang ina. Ang mga bagay na ito ay naglalaman ng mga alaala, ngunit hindi nito kayang palitan ang mga kasagutan. Walong taon mula nang mangyari ang giyera, mahigit 300 pamilya pa rin ang naghahanap sa kanilang mga nawawalang mahal sa buhay, hindi makahanap ng kapanatagan.

Nagsimula ang giyera sa Marawi noong ika-23 ng Mayo 2017, nang magsagupaan ang mga armadong grupo at mga sundalo ng Pilipinas na ginawang larangan ng digmaan ang lungsod. Ang sumunod ay limang buwan ng matinding bakbakan na nag-udyok sa mga taong lumikas mula sa kanilang mga tahanan at sumira sa

malaking bahagi ng lungsod. Mahigit 300,000 katao ang lumikas dahil sa giyera, at karamihan sa kanila ay nawalan hindi lamang ng tahanan kundi pati na rin ng kabuhayan. Ang ilan sa kanila ay nawalay sa mahal sa búhay at naghihintay ng kaliwanagan hanggang ngayon.

Ilang taon matapos ang giyera sa Marawi, ang mga pamilya ng mga nawawala ay patuloy na humaharap sa maraming hamon, mula sa kawalan ng pinansiyal na seguridad hanggang sa kawalan ng kasagutan tungkol sa nawawala nilang kamag-anak. Gayunpaman, natagpuan ng mga pamilya ang lakas sa isa’t isa.

Mula noong 2017, sumusuporta at tumutulong ang ICRC sa mga pamilya ng mga nawawala sa kanilang pagnanais na makabalik sa normal. Upang matugunan ang kanilang iba-ibang pangangailangan, naglunsad ang ICRC ng accompaniment program, isang inisyatibong nagbibigay sa mga pamilya ng emosyonal, pinansiyal, at praktikal na suporta. Bunga ng mga peer-support group, mga information session, at indibidwal na pagtulong, nakalikha ang programa ng isang espasyo para sa mga pamilya upang makipag-ugnayan sa iba na may katulad na karanasan, makatanggap ng gabay sa mga usaping legal at pinansiyal, at makahanap ng mga paraan na makayanan ang mga pang-araw-araw na pagsubok.

Isang mahalagang bahagi ng inisyatibong ito ay ang mental health at psychosocial support, na nakatulong sa mga pamilya na harapin ang kawalang-katiyakan ukol sa kanilang mga nawawalang kamag-anak, sa pamamagitan ng kanilang sariling lakas, at sa tulong ng kanilang

“*Napakahirap tanggapin na wala na sila, at hindi ko man lang sila makita. Hindi nawawala ang kirot sa aking puso.*”

– Nanay ng nawawalang tao

mga komunidad. Sa pagpapalakas ng mga support network at pagbibigay ng mahahalagang impormasyon, nakatulong ang programa—na matatapos sa taong 2025—sa mga pamilya na muling makamit ang katatagan habang patuloy na naghahanap ng mga kasagutan.

Ang *Aklat ng mga Alaala* ay isang pagpupugay sa mga nawawala at isang patunay sa lakas at determinasyon ng kanilang mga pamilya. Sa pamamagitan ng mga personal na testimonya at mga pinahahalagahang bagay mula sa 31 pamilya—ang mga ina, ama, asawa, anak, kapatid na babae, at tiyahin na naninirahan sa Lanao del Norte, Lanao del Sur, Misamis Oriental, Zamboanga Peninsula, at Basilan—masusulyapan natin ang sakit at pagdurusa na kanilang



Marawi City, Lanao del Sur (2018). A view of the city’s most affected area.

Photo: Martin San Diego/ICRC

dinaranas. Ang mga kuwento na kanilang ibinabahagi ay sumasalamin din ng kanilang katatagan at hindi matitinag na pag-asa na ang kanilang kinabukasan ay magiging mas maganda. Nagbibigay-pugay ang publikasyong ito sa kanilang mga nawawalang mahal sa búhay, pinapanatili ang kanilang mga kuwento, at tinitiyak na ang kanilang mga pamana ay hindi makakalimutan.

Sa pamamagitan ng aklat na ito, umaasa kami na mauunawaan ng mga tao na ang isyu ng mga nawawalang tao ay isa sa mga pinakamapangwasak at pangmatagalang bunga ng digmaan sa sangkatauhan. Kung walang mga kasagutan, nakukulong ang mga pamilya sa walang katapusang siklo ng kawalang-katiyakan, na lumilikha ng mga hadlang sa kapayapaan at paghilom. Humahaba ang kanilang pagdurusa sa bawat araw na lumilipas nang wala ang kanilang mga mahal sa búhay. “Napakahirap tanggapin na wala na sila, at hindi ko man lang sila makita. Hindi nawawala ang kirot sa aking puso,” ibinahagi ng isang ina.

Sa bawat nawawalang tao, maraming iba pa ang naiwan na naghahanap, umaasa, at nagdadalamhati. Karapat-dapat silang tukuyin at tulungan ng kanilang mga komunidad at ng mga awtoridad. Bagama’t may mahalagang pag-uusad, kailangan pa ring lubos na tugunan ang mga kaso ng mga taong naglaho mula noong giyera sa Marawi. Dapat paigtingin ng mga awtoridad ang kanilang pagsisikap na alamin ang nangyari sa mga nawawala at magbigay ng kasagutan sa kanilang mga pamilyang matagal nang naghihintay.

Habang ikinukuwento ng mga pamilya ang kanilang mga karanasan, umaasa kami na ito ay isa pang hakbang patungo sa paghilom at pagkakaroon ng mga kasagutan sa kanilang matagal nang mga katanungan. Ang aklat na ito ay paalala ng lakas, pagmamahal, at karapatan ng mga pamilya na malaman ang katotohanan. Ito rin ay isang **panawagan para sa aksiyon**— hindi dapat makalimutan ang mga nawawala, at dapat suportahan ang kanilang mga pamilya sa paghahanap ng sagot ukol sa nangyari at sa kinaroroonan ng kanilang mga mahal sa búhay, dahil dapat nilang malaman ang katotohanan.

LIVING WITH ABSENCE: FAMILIES OF THOSE MISSING SINCE THE MARAWI CONFLICT TELL THEIR STORIES

PAMUMUHAY SA KAWALAN: MGA KUWENTO NG MGA PAMILYA NG MGA TAONG NAWALA DAHIL SA GIYERA SA MARAWI



“Whenever I see her picture, I remember her deeply. I loved her so much. She was my favourite child, the third among my 11 children. She was kind, obedient and so full of love, an irreplaceable part of my life,” says Rizmah.

At home, they called her “Nanak.” She spent her days helping with household chores like cooking and washing. Her favourite foods were banana and cassava.

Rizmah says, “Nanak, wherever you are, whether you are still alive or have passed, I want you to know how much I love you. I wish you had been given a long life. But I hold on to the hope that someday, whether in days, months or years, we will meet again. I love you so much. I always will.”

“Tuwing nakikita ko ang larawan niya, naaalala ko siyang mabuti. Mahal na mahal ko siya. Siya ang paborito kong anak, ang pangatlo sa 11 kong anak. Mabait siya, masunurin, at puno ng pagmamahal, isang hindi mapapalitang bahagi ng buhay ko,” sabi ni Rizmah.

Sa bahay, tinatawag nila siyang “Nanak.” Ginugugol niya ang mga araw niya sa pagtulong sa mga gawaing bahay tulad ng pagluluto at paglalaba. Paboritong pagkain niya ang saging at kamoteng kahoy.

Sabi ni Rizmah, “Nanak, nasaan ka man, kung buhay ka pa o pumanaw na, gusto kong malaman mo kung gaano kita kamahal. Sana nabigyan ka ng mahabang buhay. Ngunit pinanghahawakan ko ang pag-asa na balang araw, maging araw, buwan, o taon, muli tayong magkikita. Mahal na mahal kita. Palagi kitang mamahalin.”

RIZMAH ABDURAZID, 53
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao



“We can’t help but think of him every time we make *biko* (sweet rice cake). Whether it was a birthday or any other special occasion, it didn’t matter if we couldn’t afford a cake as long as we had *biko*.”

“My husband worked as a furniture-maker in Marawi City. I had asked him to stay with us and not go back there. I told him we would figure out whatever we needed to here, especially with school about to start. But then, the conflict began. Like many of his companions, he believed it would only last a few days. Instead, it dragged on for months.”

“The last time he ate *biko* was on my birthday in April 2017. If I see him again, the first thing I will ask him is where he has been and what had happened to him.”



“Tuwing gumagawa kami ng biko, hindi namin maiwasang maisip siya. May kaarawan man o espesyal na okasyon, hindi mahalaga kung hindi namin kayang bumili ng cake basta mayroon kaming biko.”

“Nagtrabaho ang asawa ko bilang isang manggagawa ng muwebles sa Marawi City. Tinanong ko siya kung pwede bang dumito na lang siya at huwag nang bumalik doon. Sinabi ko sa kaniya na aayusin namin kung ano man ang kailangan namin dito, lalo na’t malapit nang magsimula ang pasukan. Kaya lang, nagsimula ang giyera. Tulad ng marami sa mga kasamahan niya, naniwala siyang tatagal lang ito ng ilang araw. Sa halip, tumagal ito ng ilang buwan.”

“Ang huling beses na kumain siya ng biko ay noong kaarawan ko noong Abril 2017. Kung makikita ko siyang muli, ang una kong itatanong sa kaniya ay kung saan siya nanggaling at ano ang nangyari sa kaniya.”

REGINA AGAGARING, 41
Wife of a missing person
Asawa ng nawawalang tao





“Every time I wear this, it feels like papa is with us,” says Husna’s son, now 17.

Husna’s husband bought the T-shirt in Manila in 2013 for their son, who was five years old then. He still refuses to let it go and occasionally wears it to feel close to his father.

Husna remembers her husband as a loving, hands-on father and husband, who took on most of the household chores. “I’ll take care of everything around the house; just focus on taking care of our baby,” he once told her. From cooking and doing laundry to fixing things around the house, he ensured his family was well cared for.

“If only he were here, he’d see how much our children have grown,” says Husna. “My dream is to have us all together under one roof as a complete family once again.”

“Tuwing suot ko ito, pakiramdam ko kasama namin si papa,” sabi ng anak ni Husna, na ngayon ay 17 taong gulang na.

Binili ng asawa ni Husna ang T-shirt sa Maynila noong 2013 para sa kanilang anak na lalaki, na limang taong gulang noon. Ayaw pa rin niyang ipamigay ito, at paminsan-minsan ay isinusuot pa upang maramdamang malapit sila ng kaniyang tatay.

Naaalala ni Husna ang asawa niya bilang isang mapagmahal, maalagang ama at asawa, na gumagawa ng karamihan sa mga gawaing bahay. “Ako ang bahala sa lahat ng bagay sa bahay; mag-focus ka lang sa pag-aalaga ng anak natin,” minsan nitong sinabi sa kaniya. Mula sa pagluluto at paglalaba hanggang sa pag-aayos ng mga gamit sa bahay, siniguro niyang maayos na naaalagaan ang pamilya niya.

“Kung nandito lang siya, makikita niya kung gaano na kalaki ang mga anak namin,” sabi ni Husna. “Pangarap ko na magkasama kaming lahat sa iisang bubong bilang isang kumpletong pamilya ulit.”

HUSNA J. ALAM, 46
Wife of a missing person
Asawa ng nawawalang tao



“Wear this whenever you go to pray,” Sittienor had told her husband. “He wore this last before he went missing,” she says, holding a T-shirt she had gifted her husband.

The T-shirt, now kept in a suitcase along with his other belongings, holds deep sentimental value. “Even if it is old, I still keep it. Every time I see this, I remember him,” says Sittienor.

Her husband cherished the T-shirt, wearing it exclusively during prayers. After each use, he would wash it himself and put it away neatly. “You gave me this. This is my remembrance of you,” he once told her.

“Suotin mo ito tuwing magdadasal ka,” sabi ni Sittienor sa asawa niya. “Huling isinuot niya ito bago siya nawala,” sabi niya, habang hawak ang T-shirt na ibinigay niya sa kaniyang asawa.

Ang T-shirt, na ngayon ay nakatabi sa loob ng isang maleta kasama ng iba pa niyang mga gamit, ay may sentimental na halaga. “Tinatago ko pa rin ito kahit luma na. Tuwing nakikita ko ito, naaalala ko siya,” sabi ni Sittienor.

Pinapahalagahan ng asawa niya ang T-shirt, at sinusuot lamang ito tuwing nagdarasal. Nilalabhan niya ito mismo at maayos na itinatabi pagkatapos. “Binigay mo ito sa akin. Ito ang alaala ko sa iyo,” minsan nitong sinabi sa kaniya.

SITTIENOR ALI ALAMADA, 45
Wife of a missing person
Asawa ng nawawalang tao





One day he told her, “Ma, I’m going to Marawi.”

“*Dong*, don’t go to Marawi. Let’s just stay here,” she pleaded. But Rosita’s son was determined. He wanted to work as a baker in Marawi to support his family and help his siblings go to school. “Ma, I need to go. Let’s make sure my younger siblings can get an education,” he insisted.

Now, whenever she misses her son, Rosita reaches for his photograph. “When I miss him, I hold this picture, because I never got to hug him,” she says.

Isang araw sinabi ng anak niya sa kaniya, “Ma, pupunta ako sa Marawi.”

“*Dong*, huwag kang pumunta sa Marawi. Dito na lang tayo,” pakiusap niya. Ngunit determinado ang anak ni Rosita. Nais niyang magtrabaho bilang panadero sa Marawi upang suportahan ang kaniyang pamilya at tulungan ang mga kapatid niyang makapag-aral. “Ma, kailangan kong umalis. Siguraduhin natin na makakapag-aral ang mga kapatid ko,” iginiit niya.

Kinukuha ni Rosita ang retrato ng anak niya tuwing nami-miss niya ito. “Kapag nami-miss ko siya, hinahawakan ko ang retratong ito, kasi hindi ko siya nayakap,” sabi niya.

ROSITA ALONTO, 57
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao



“He used to wear these trousers all the time. I remember scolding him once because he’d put them on right after they were washed. He wore them five days a week; I never understood why he loved them so much,” shares Sophia.

Their mother now keeps the trousers tucked away in an old, dusty suitcase, because it only deepens their sadness as a constant reminder of their missing loved one.

Sophia shares he had bought the trousers from his salary as a city garbage collector. He often bought



things for the family and generously shared what he earned. “One day, he came home with the trousers rolled up. When I asked him if he had any cash, he bent over and I thought he was ignoring me. But then he pulled out money that he’d tucked into the rolled-up part of his trousers,” recalls Sophia.

“If I see him again, I want to give him a tight hug and tell him how much we missed him. If he comes back to us alive, I hope he’ll never leave again,” she adds.

Sophia’s brother went missing after returning to Marawi City during the conflict to collect his salary from the city hall.

“Palagi niyang suot ang pantalon na ito noon. Naaalala kong pinagalitan ko siya minsan kasi isinuot niya ito kaagad pagkatapos labhan. Sinusuot niya ito limang araw sa isang linggo; hindi ko naintindihan kung bakit niya gustong-gusto ito,” ibinahagi ni Sophia.

Sa ngayon, itinatago ng kanilang ina ang pantalon sa isang luma at maalikabok na maleta, dahil lalo lamang nitong pinapalalim ang kanilang kalungkutan sapagkat patuloy nitong pinapaalala ang nawawalang kamag-anak.

Ibinahagi ni Sophia na binili ng kapatid niya ang pantalong ito gamit ang sahod bilang tagakolekta ng basura sa lungsod. Madalas siyang bumibili ng mga bagay para sa pamilya at kusang loob na ibinabahagi ang kinikita niya. “Isang araw, umuwi

siya na nakatupi ang pantalon. Tinanong ko siya kung may pera siyang dala. Yumuko lang siya kaya akala ko hindi niya ako pinapansin. Pero inilabas niya ang perang isinuksok niya sa nakarolyong bahagi ng pantalon niya,” naalala ni Sophia.

“Gusto ko siyang yakapin nang mahigpit at sabihin kung gaano namin siya na-miss, kung makikita ko siya ulit. Kung babalik siya sa amin nang buhay, sana hindi na siya umalis ulit,” dagdag niya.

Nawala ang kapatid ni Sophia matapos bumalik sa Marawi City noong panahon ng giyera upang kunin ang kaniyang suweldo mula sa city hall.

SOPHIA H. OMAR AMINOLLA, 35
Sister of a missing person
Kapatid na babae ng nawawalang tao



“It helps me to remember him, my child; sometimes, I can’t help but cry thinking of him. Losing him is such a big loss, he was a good boy,” says Alfredo, holding a photo of his son.

Of his four children, Alfredo’s youngest was the only one still unmarried, and the one who stayed to help him on their farm. Alfredo misses his son’s company deeply.

“He was always there, helping me in the cornfield. He wasn’t a troublemaker. But he decided to go work in Marawi and he hasn’t been able to come home since,” says Alfredo.

“Nakakatulong sa akin na alalahanin siya, ang anak ko; minsan, hindi ko mapigilang mapaluha kapag iniisip ko siya. Napakalaking kawalan ang mawala siya; mabuting bata siya,” sabi ni Alfredo habang hawak ang retrato ng anak niya.

Sa apat na anak ni Alfredo, ang bunso niya ang tanging hindi pa kasal, at ito rin ang nanatili upang tumulong sa kaniya sa kanilang bukirin. Lubos na nami-miss ni Alfredo ang kaniyang anak.

“Palagi siyang nariyan, tumutulong sa akin sa maisan. Hindi siya pasimuno ng gulo. Ngunit nagdesisyon siyang magtrabaho sa Marawi, at hindi na siya nakauwi mula noon,” sabi ni Alfredo.

ALFREDO ANSAO, 77
Father of a missing person
Ama ng nawawalang tao





Rogelia holds her son's *bolo*, the tool he used for farming, now a poignant reminder of him. It was with this *bolo* that her son once worked tirelessly in their fields, providing for the family. When their farm failed to yield sufficient harvest, he travelled to Marawi City in search of better work opportunities. There, amidst the chaos of the conflict, he disappeared.

"He was a good man," says Rogelia. "I hope he remains the good man he always was. And I hope, wherever he is, he still finds time to go to church every Sunday."

May masakit na alaala kay Rogelia ang hawak niyang bolo na ginamit ng kaniyang anak sa pagsasaka. Gamit ang bolo na ito, nagtrabaho nang walang pagod ang kaniyang anak sa mga bukirin nila para sustentuhan ang pamilya. Noong hindi sila nakakuha ng sapat na ani sa bukirin nila, nagtungo siya sa Marawi City para maghanap ng mas magandang trabaho. Naglaho siya sa kasagsagan ng giyera.

"Mabuting tao siya," sabi ni Rogelia. "Sana manatili siyang mabuting tao gaya ng dati. At sana, nasaan man siya, may oras pa rin siya para magsimba tuwing Linggo."

ROGELIA ARIMALA, 61
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao





“I never imagined this rusty saw would one day be all we have left to remember him by,” shares Marivic, whose youngest brother went missing during the Marawi conflict.

The last time her brother came home from Marawi, he brought the saw with him, asking her husband to hold onto it for a while. When her husband suggested he keep it, her brother declined. “This saw has helped me a lot, and it will keep helping me,” he told his sister.

Marivic’s brother had left school early to do construction work in Marawi City, hoping to support their parents. They last spoke sometime around the start of the conflict. “Don’t worry, *ate* (elder sister). We’ll try to escape if we can. But please pray for us,” he told her.

“I hold onto hope that he’s still alive. We love him deeply, and it pains us every day that he’s missing. We’ll wait for him, even as we wait for the DNA test results. If he’s still not found, we’ll keep waiting until he comes back home,” says Marivic.

“Hindi ko kailanman naisip na ang kalawanging lagaring ito ang magiging tanging alaala namin sa kaniya,” ibinahagi ni Marivic, na ang bunsong kapatid ay nawala noong giyera sa Marawi.

Noong huling umuwi ang kaniyang kapatid galing Marawi, dala nito ang lagari at hiniling sa asawa ni Marivic na itago muna ito. Nang pinayuhan ng asawa niyang kunin ito, tumanggi ang kapatid niya. “Malaki ang naitulong ng lagaring ito sa akin, at patuloy pa rin itong makakatulong sa akin,” sabi nito kay Marivic.

Maagang huminto sa pag-aaral ang kapatid ni Marivic para magtrabaho sa konstruksiyon sa Marawi City dahil hangad niyang masuportahan ang kanilang mga amagulang. Huli silang nag-usap nang nagsisimula pa lang ang labanan. “Huwag kang mag-alala, ate. Susubukan naming makalikas kung kaya namin. Pero, ipagdasal mo kami,” sabi nito sa kaniya.

“Naniniwala pa rin akong buháy pa siya. Mahal na mahal namin siya, at nasasaktan kami araw-araw dahil nawawala pa rin siya. Hihintayin namin siya, kahit na hinihintay namin ang mga resulta ng DNA test. Kung hindi pa rin siya matagpuan, maghihintay kami hanggang sa makauwi siya,” sabi ni Marivic.

MARIVIC ASIS, 49

Sister of a missing person
Kapatid na babae ng nawawalang tao





“He bought me this purse,” says Belinda softly.
“He gave it to me himself.”

Belinda and her husband studied in a madrasa together, deepening their faith. After he went missing, she let go of some of his belongings, giving away his shirts and trousers, but she kept the purse he’d given her, using it every day. Her children often play with it, tugging at the seams and sometimes damaging it.

“Whenever you see this purse, remember your father,” she reminds them gently, hoping it keeps his memory close to their hearts.

“Binili niya ang pitakang ito para sa ‘kin,” malumanay na sinabi ni Belinda. “Ibinigay niya ito sa akin mismo.”

Magkasamang nag-aral si Belinda at ang asawa niya sa isang madrasa, na nagpalalim ng pananampalataya nila. Matapos mawala ang asawa niya, pinakawalan ni Belinda ang ilan sa mga gamit nito; ipinamigay ang mga damit at pantalon, ngunit itinago ang pitakang ibinigay sa kaniya, para gamitin araw-araw. Madalas itong paglaruan ng mga anak niya, hinihila ang mga tahi at minsan ay nasisira ito.

“Tuwing makikita ninyo ang pitakang ito, alalahanin ninyo ang tatay ninyo,” malambing na paalala niya sa mga anak nila habang umaasang mananatili ang alaala ng ama sa kanilang mga puso.

BELINDA BADULI, 31
Wife of a missing person
Asawa ng nawawalang tao





“For five years, this wallet was in the pocket of his torn jeans, which I’d already put away. One day, I saw the jeans and remembered him. I reached into the pocket, found the wallet and burst into tears. I couldn’t believe that after all that time his things were still intact; the wallet, untouched, even after five years,” remembers Gloria.

Her son had worked at a water refilling station in Marawi, where they had lived together for seven years. When he delivered water on rainy days, he’d carry his slippers rather than wear them. His colleagues often asked why he bothered. “Well, my mom said she’d die from worry if I got into an accident,” he’d tell them.

“Don’t you worry, mom. I’ll dance for you,” he’d say to his mother to cheer her up whenever she was down.

Since finding the wallet, Gloria has never let it out of her sight. “Every time I see it, I cry. He’s always in my heart, and seeing this wallet brings all the worries back. I feel such sorrow for my child,” she says.

“If he were alive, I think he’d be happy to see that I’ve taken care of his wallet. I never leave it now, no matter where I go. It’s always with me.”

“Sa loob ng limang taon, nasa bulsa ng punit na maong niya, na naitabi ko, ang pitakang ito. Isang araw, nakita ko ang maong at naalala ko siya. Kinapa ko ang bulsa, nakita ang pitaka, at biglang napaiyak. Hindi ako makapaniwala na sa tagal ng panahong iyon ay buo pa rin ang mga gamit niya; ang pitaka, hindi nagalaw, kahit na limang taon na ang lumipas,” naalala ni Gloria.

Nagtrabaho ang anak niya sa isang water refilling station sa Marawi, kung saan nanirahan sila nang magkasama ng pitong taon. Kapag nagde-deliver siya ng tubig sa mga araw na maulan, binibitbit niya ang tsinelas niya sa halip na suotin ito. Madalas siyang tanungin ng mga kasamahan niya kung bakit niya ito ginagawa. “Sinabi kasi ng nanay ko na mamamatay siya sa pag-aalala kung maaksidente ako,” sinasabi niya sa kanila.

“Huwag kang mag-alala, Nay. Sasayaw ako para sa iyo,” sinasabi niya sa nanay niya upang pasayahin ito tuwing siya ay malungkot.

Simula nang matagpuan niya ang pitaka ng anak, hindi na ito inalis ni Gloria sa kaniyang paningin. “Tuwing nakikita ko ito, napapaluha ako. Palagi siyang nasa puso ko, at nagbabalik ang lahat ng mga alalahanin tuwing nakikita ko ang pitakang ito. Nakakaramdam ako ng matinding kalungkutan para sa anak ko,” sabi niya.

“Kung buhay pa siya, sa tingin ko matutuwa siyang makita na inaalagaan ko ang pitaka niya. Hindi ko na ito iniwan ngayon, kahit saan man ako pumunta. Lagi itong nasa akin.”

GLORIA BERDEN, 70
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao





“I hold this up so that I can see my child,” says Bolawan of a photo of her son who went missing during the Marawi conflict. They lived in ground zero.

Their home was destroyed, bombed and set on fire, leaving behind nothing except rubble. Desperate to hold onto any memory of her son, Bolawan asked relatives for photos, and a cousin managed to salvage a blurry image from a damaged digital camera.

“This photograph is the only thing I have as a constant reminder of my son,” says Bolawan.

“Itinataas ko ito para makita ko ang anak ko,” sabi ni Bolawan tungkol sa retrato ng anak niya na nawala noong giyera sa Marawi. Nakatira sila noon sa ground zero.

Nawasak, binomba, at sinunog ang kanilang tahanan, at walang natira kundi guho. Desperado na mapanatili ang anumang alaala ng anak niya, humingi si Bolawan ng mga retrato sa mga kamag-anak at nalamang nakapagsalba ang isang pinsan ng malabong retrato mula sa isang nasirang digital camera.

“Itong retratong ito ang tanging bagay na palaging nagpapaalala ng anak ko sa akin,” sabi ni Bolawan.

BOLAWAN D. BUYOG, 49
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao





Pablito’s 17-year-old son used to be called a “homebody” as he rarely ventured far. But when his friends invited him to join them for a job opportunity in Marawi, he went along without hesitation. Then, one day in May 2017, amidst the conflict, he disappeared.

Now, Pablito keeps his son’s Boy Scouts uniform close. It’s a constant reminder of the boy he was and the life he hoped to build.

“I miss him,” says Pablito. “If he were here, I’d tell him to stay just the way he was.”



Tinatawag ang 17-taong-gulang na anak ni Pablito na “taong-bahay” dahil bihira siyang lumayo sa bahay. Ngunit nang anyayahan siya ng mga kaibigan niya na sumama sa kanila para makapagtrabaho sa Marawi, sumama siya ng walang pag-aalinlangan. Ngunit isang araw ng Mayo 2017, sa kasagsagan ng kaguluhan, nawala siya.

Itinabi ni Pablito ang unipormeng pang-Boy Scouts ng anak niya. Ito ay nagsisilbing paalala ng anak niya noon at ng búhay na inaasahan niyang buoin.

“Nami-miss ko siya,” sabi ni Pablito. “Kung nandito siya, sasabihan kong huwag siyang magbabago.”

PABLITO DUMADAG, 66
Father of a missing person
Ama ng nawawalang tao



Puti gently holds a worn cap, the only tangible reminder of her husband who went missing during the Marawi conflict. For Puti, the cap is not just a piece of clothing, it is a symbol of her husband's presence that keeps his memory alive in her heart.

"He left this at home before he disappeared," she says. Now, her son wears the cap regularly, a quiet tribute to the man they both hold dear.

Maingat ang paghawak ni Puti sa isang lumang sombrero, ang tanging pisikal na alaala ng asawa niya na nawala noong giyera sa Marawi. Para kay Puti, ang sombrero ay hindi lamang isang piraso ng damit; ito ay simbolo ng presensiya ng kaniyang asawa at nagpapanatili ng alaala sa kaniyang puso.

"Iniwan niya ito sa bahay bago siya nawala," sabi niya. Ngayon, regular na isinusuot ng anak niya ang sombrero, isang tahimik na pagpupugay sa lalaking mahalaga sa kanilang dalawa.

PUTI ANDAL EDON, 41
Wife of a missing person
Asawa ng nawawalang tao



Her husband had worked as a skilled furniture-maker in Marawi since 1987, crafting countless pieces over the years. Cabinets, tables, doors—he built them all with precision and care. His dedication to his craft earned a livelihood and allowed him to send their children to school.

Though the years have passed since he went missing, Emilia’s hope remains unshaken. “Maybe God is merciful,” she says. “Maybe one day, he’ll come back.”

Nagtrabaho ang asawa niya bilang isang skilled na manggagawa ng muwebles sa Marawi mula pa noong 1987, at sa loob ng maraming taon ay hindi na mabilang ang kaniyang mga ginawa. Mga kabinet, mesa, pinto—ginawa niya ang lahat nang may katiyakan at pag-iingat. Ang dedikasyon niya sa kaniyang trabaho ay nagdala ng kabuhayan at nagpaaral sa kanilang mga anak.

Bagama’t lumipas na ang mga taon mula nang siya ay nawala, nananatiling matibay ang pag-asa ni Emilia. “Siguro maawain ang Diyos,” sabi niya. “Siguro balang araw, babalik siya.”

EMILIA GAAN, 68
Wife of a missing person
Asawa ng nawawalang tao





Nilda's younger twin sons would help fetch water, while their eldest brother loved preparing *kinilaw* (raw fish marinated in vinegar and spices) whenever fresh *tamban* fish was available.

Nilda lost the three during the Marawi conflict. She now holds on to small reminders of them: a *ghamis*, a *kufiya*, items they used for prayers at the mosque. But, more often, her memories of them return through the taste of *kinilaw*.

"Whenever I see *tamban* fish, it brings them back to me. When I think of making it, I can't help but remember them. I still make it for my younger children because they love it too," says Nilda.

"Now that my three sons are gone, I just pray in my heart to God that they are safe and at peace wherever they may be."

Tutulong mag-igib ng tubig ang mas nakababatang kambal na anak ni Nilda, habang ang nakatatanda nilang kapatid ay maghahanda ng kinilaw tuwing may sariwang tamban.

Nawala kay Nilda ang tatlong anak noong giyera sa Marawi. Ngayon ay pinanghahawakan niya ang maliliit na alaala nila: isang *ghamis*, isang *kufiya*, mga bagay na ginagamit nila para sa pagdarasal sa moske. Ngunit, mas madalas, bumabalik ang mga alaala nila dahil sa lasa ng kinilaw.

"Tuwing nakakakita ako ng tamban, naaalala ko sila. Kapag iniisip ko gumawa noon [ng kinilaw], hindi ko maiwasang maalala sila. Ginagawa ko pa rin ito para sa mga mas bata kong anak kasi gusto rin nila ito," sabi ni Nilda.

"Ngayong wala na ang tatlo kong anak, ipinapanalangin ko na lang sa Diyos na ligtas at payapa na sila saan man sila naroroon."

NILDA HALILLULA, 51
Mother of the missing
Ina ng nawawala





Rahima wears a long trench coat that once belonged to her younger sister. “Our mother bought this coat for her, and she wore it during a family vacation in Cotabato City in 2016. Afterwards, she left it there,” she recalls.

Years later, Rahima learned that their aunt had kept the coat safe. She asked for it back, wanting to wear it in memory of her younger sister. “This is all I have left of her,” she says softly.

Rahima, one of seven siblings, lost three sisters and one brother during the Marawi conflict. A few years later, their mother also passed away. “Our mother, a widow, raised us alone. She was both father and mother to all of us,” she says, showing a photo of herself with her mother and other siblings.

Nakasuot si Rahima ng mahabang trench coat na dating pag-aari ng kaniyang nakababatang kapatid na babae. “Binili ng nanay namin ang coat na ito para sa kaniya, at isinuot niya ito noong nagbakasyon ang pamilya namin sa Cotabato City noong 2016. Pagkatapos, iniwan niya ito doon,” naalala niya.

Matapos ang ilang taon, nalaman ni Rahima na iningatan ng tiyahin nila ang coat. Hiningi niya ito pabalik, dahil nais niya itong suotin bilang alaala ng kaniyang nakababatang kapatid. “Ito na lang ang natitira mula sa kaniya na meron ako,” pabulong niyang sinabi.

Nawalan si Rahima, isa sa pitong magkakapatid, ng tatlong kapatid na babae at isang kapatid na lalaki sa panahon ng giyera sa Marawi. Pagkatapos ng ilang taon, pumanaw na rin ang kanilang nanay. “Ang nanay namin na biyuda ang nagpalaki sa amin nang mag-isa. Siya ang naging tatay at nanay para sa aming lahat,” sabi niya, habang ipinapakita ang isang retrato niya kasama ang nanay at iba pang mga kapatid.

RAHIMA A. LOMABAO, 33
Sister of a missing person
Kapatid ng nawawalang tao





“Time is precious,” her husband had told her when he bought a set of “his and hers” watches. They both wore their watches every day, removing them only when they slept.

Her husband, a tricycle driver, always arrived home between 7pm and 8pm. They had an unspoken rule: if he wasn’t back by then, she would call to check on him. If there was no response by 10pm, they both understood that something might have gone wrong. The night the Marawi conflict broke out, he didn’t reach home.

“I was still wearing this watch when we evacuated our home,” recalls Aminah. “He always told me to wear it, no matter what, even if the battery died.”

“Mahalaga ang oras,” sabi ng asawa niya nang bumili ito ng magkapares na relo para sa kanila. Suot nila ang mga relong ito araw-araw at inaalis lamang kapag natutulog.

Isang tricycle driver ang asawa niya kaya’t laging umuuwi sa pagitan ng alas-7 ng gabi at alas-8 ng gabi. Mayroon silang usapan: kung hindi pa siya nakakabalik sa oras na iyon, tatawagan siya ng asawa niya para kumustahin. Kung walang sagot pagsapit ng alas-10 ng gabi, pareho nilang mababatid na maaaring may nangyaring hindi maganda. Noong gabing sumiklab ang giyera sa Marawi, hindi siya nakauwi.

“Suot ko pa rin ang relo na ito noong lumikas kami ng bahay namin,” naalala ni Aminah. “Palagi niyang sinasabi sa akin na isuot ito, kahit ano pa man, kahit na maubos ang baterya.”

AMINAH LOMALA, 35
Wife of a missing person
Asawa ng nawawalang tao





“It feels like we’re still together. When I look at this photo, it’s as if he’s still right here beside me,” says Queenie, holding a photograph of her father, who went missing during the Marawi conflict.

The photo was taken on one of the happiest days of her life, her wedding. Her father had travelled home from Marawi to help with the preparations and to proudly witness his daughter’s special day.

“We don’t know if he’s still alive; this photo is all I have left to take care of,” says Queenie.

“Parang magkasama pa rin kami. Kapag tinitingnan ko ang retratong ito, para bang nandito pa rin siya sa tabi ko,” sabi ni Queenie, habang hawak ang retrato ng tatay niya na nawala noong labanan sa Marawi.

Ang retrato ay kuha sa isa sa mga pinakamasayang araw ng buhay niya, ang kasal niya. Umuwi mula sa Marawi ang tatay niya para tumulong sa paghahanda at upang buong pagmamalaking masaksihan ang espesyal na araw ng anak niya.

“Hindi namin alam kung buhay pa siya; ang retratong ito na lang ang tanging kailangan kong ingatan,” sabi ni Queenie.

QUEENIE MACAPIL, 42
 Daughter of a missing person
 Anak ng nawawalang tao





“I have this rosary, a jacket and this shirt – his school uniform. But most importantly I have the holy rosary. Before he went missing, he said he planned to enter the seminary. He was a convent boy,” says Augustina.

Her missing son was the fifth of six children. He supported himself by working in a convent to follow his dream of becoming a priest one day.

“I think of him every day. Every time I see children his age going to church or to school, I am reminded of him. I hope he’s still alive. I hope he maintains his good character; he was a very sweet child. If he has already passed away, may his soul rest in peace, because there’s not much we can do. Everything happens for a reason. I will try to face life’s trials, move forward and accept that he is no longer with us.”

“Mayroon ako nitong rosaryo, isang dyaket, at ang T-shirt na ito—ang uniporme niya sa paaralan. Ngunit ang pinakamahalaga ay itong banal na rosaryo. Bago siya nawala, sinabi niya na plano niyang pumasok sa seminaryo. Isa siyang sakristan,” sabi ni Augustina.

Ang nawawala niyang anak ay ang panlima sa anim na magkakapatid. Sinuportahan nito ang sarili sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa isang kumbento upang matupad ang pangarap na maging pari balang araw.

“Inaalala ko siya araw-araw. Tuwing nakikita ko ang mga bata na kaedad niya na pumupunta sa simbahan o sa paaralan, naaalala ko siya. Umaasa akong buhay pa siya. Umaasa akong nawa’y hindi magbago ang kaniyang mabuting ugali; napakalambing niyang bata. Kung pumanaw na siya, sumalangit ang kaniyang kaluluwa, dahil wala na tayong magagawa pa. Lahat ng bagay ay may dahilan. Susubukan kong harapin ang mga pagsubok sa búhay, magpatuloy, at tanggapin na wala na siya sa atin.”

AUGUSTINA MANGUMPIT, 68
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao





“She wore these shoes everywhere, every single day. Whether she was heading to teach at the madrasa or going about her day, these were always on her feet. When I gave away her other belongings, I couldn’t part with these shoes. I’ll never forget her as long as I have them,” shares Mariam.

Mariam’s daughter, whom she fondly calls Neng, was a guiding presence in her siblings’ lives, a caring spirit with words of advice. She would sleep beside her mother every night, refusing to be apart. If her mother wasn’t in bed, Neng would look for her and sleep wherever she found her. Later, she left to teach the Qur’an in Basak Malutlut in Marawi.

“If she could see that I’ve kept these shoes, she would know how deeply we love her,” says Mariam.

“Neng, wherever you are, please know we’re still here. Your father, your siblings, all of us think of you every single day. If you’re alive, we hope you find your way back to us. We love you. We love you so much.”



“Suot niya ang mga sapatos na ito kahit saan, araw-araw. Palagi niyang suot ang mga ito kung papunta siyang madrasa para magturo o di kaya’y abala sa kaniyang araw. Nang ipinamigay ko ang iba pa niyang gamit, hindi ko magawang ipamigay ang mga sapatos na ito. Hindi ko siya makakalimutan hangga’t hawak ko ito,” ibinahagi ni Mariam.

Si Neng, ang anak na babae ni Mariam, ay mapagmalasakit at nagsilbing gabay sa kaniyang mga kapatid, sa pagbibigay ng payo sa kanila kung kinakailangan. Natutulog siya sa tabi ng nanay niya gabi-gabi, at hindi siya pumapayag na mahiwalay. Hahanapin ni Neng ang nanay tuwing wala sa kama at matutulog kung saan man niya matagpuan. Kinalaunan, umalis siya upang magturo ng Qur’an sa Basak Malutlut sa Marawi.

“Kung makikita niya na itinago ko ang mga sapatos na ito, malalaman niya kung gaano namin siya kamahal,” sabi ni Mariam.

“Neng, nasaan ka man, sana alam mong nandito pa rin kami. Ang tatay mo, ang mga kapatid mo... lahat kami iniisip ka araw-araw. Kung buhay ka pa, umaasa kaming makakabalik ka sa amin. Mahal ka namin. Mahal na mahal ka namin.”

MARIAM,* 64
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao

** Requested to withhold her real name
Nakiusap na huwag gamitin ang totoong pangalan*



“Vroom! Vroom!” Emma mimics the sound her five-year-old nephew used to make while playing with his little toy car.

Whenever Emma returned to Marawi for work, he would eagerly ask, “Auntie, where’s my toy?” She used to work with her sister-in-law and live with them.

By the time the conflict in Marawi broke out, Emma had already left the city, deciding not to return. It was during the conflict that both her nephew and sister-in-law went missing.

Among the few things she has left to remember them by is a *kombong* (headwrap or veil) her sister-in-law gave her when they were together in Marawi. “It’s yours. It’s our souvenir,” she had told Emma.

Now, that *kombong* is priceless. Emma wears it regularly, even when she goes to the market in Marawi.



“Vroom! Vroom!” Ginagaya ni Emma ang tunog na ginagawa ng kaniyang limang taong gulang na pamangkin habang nilalaro ang kaniyang maliit na kotseng laruan.


Tuwing bumabalik si Emma sa Marawi para sa trabaho, sabik na tanong ng pamangkin niya, “Tita, nasaan ang laruan ko?” Dati siyang nagtatrabaho kasama ang hipag niya at nakatira kasama ang kaniyang pamilya.

Nang sumiklab ang giyera sa Marawi, umalis na si Emma sa lungsod at nagdesisyon na hindi na bumalik. Parehong nawala ang pamangkin at hipag niya noong panahon ng giyera.

Kabilang sa ilang bagay na naiwan sa kaniya upang maalala sila ay ang isang kombong (balabal sa ulo o belo) na ibinigay sa kaniya ng hipag niya noong magkasama pa sila sa Marawi. Sinabi niya kay Emma, “Iyo na ito. Ito ang souvenir natin.”

Ngayon, ang kombong na iyon ay walang katumbas na halaga. Palagi itong suot ni Emma, kahit kapag pumupunta siya sa palengke sa Marawi.

EMMA MERLO, 46
Aunt and sister-in-law of the missing
Tiya at hipag ng nawawala



“I miss him so much,” says Munaira of her 24-year-old son. “I remember how he would read Islamic books, pray and visit friends in the village. When he came home from the mosque, he’d sit and study his *kitab* (prayer book).”

She fondly remembers her son, who loved chicken and vegetables and spent some days sweeping the backyard, cleaning the house and fetching water. Now, the *kitab* he once read is all she has left of him.

“I feel his presence when I hold it or look at it. This book is the only thing he left behind,” she shares.

Munaira prays for her son every day. “I know, wherever he is, if he could see that I’ve kept this book, he’d be happy,” she says.



“Sobrang nami-miss ko siya,” sabi ni Munaira tungkol sa kaniyang 24-taong-gulang na anak. “Naaalala ko kung paano siya magbasa ng mga aklat ng Islam, magdasal, at bumisita sa mga kaibigan sa baryo. Tuwing uuwi siya mula sa moske, uupo siya at mag-aaral ng kaniyang kitab (aklat ng panalangin).”

Buong giliw niyang naaalala ang anak niyang mahilig sa manok at gulay at nagpapalipas ng araw sa pagwawalis ng bakuran, paglilinis ng bahay, at pag-iigib ng tubig. Ngayon, ang kitab na binabasa niya dati ang tanging naiwan kay Munaira.

“Nararamdaman ko ang presensiya niya kapag hawak o tinitingnan ko ito. Ang aklat na ito lang ang naiwan niya,” ibinahagi ng ina.

Araw-araw na ipinagdarasal ni Munaira ang anak niya. “Alam ko, nasaan man siya, kung makikita niya na itinago ko ang aklat na ito, magiging masaya siya,” sabi niya.

MUNAIRA MUALLAM, 60
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao



Nagtrabaho ang tatay ni Chyralynne bilang kitchen staff sa Marawi City; ang kaniyang kapatid na lalaki ay isang mahusay na mag-aaral, mahalaga sa kaniya ang kaniyang medalya.

“Nasaan man kayong dalawa, papa, nararamdaman pa rin namin kayo. Kahit na masakit para sa akin, umaasa pa rin akong buháy kayo at makakamit ang hustisya. Umaasa rin ako na balang araw ay makahanap kami ng kasagutan para sa anumang nangyari sa inyo,” sabi niya.

CHYRALYNNE MAE I. OBEDENCIO, 25
Daughter and sister of the missing
Anak na babae at kapatid ng nawawala

Chyralynne’s father worked as kitchen staff in Marawi City; her brother was an academic achiever in school, his medal was precious to him.

“Wherever you both are, papa, we can still feel your presence. Even though it pains me, I remain hopeful that you are both alive and that justice will be served. I also hope that one day we will find closure for whatever happened to you,” she says.





“He would play it every time he came home from work. He’d play it with friends, dancing with it, especially after he’d had a few drinks. That’s one thing I’ll never forget.”

Litisia’s then 34-year-old son had a construction job in Marawi. He loved rock music, especially Bon Jovi, and was always playing his guitar. He had learned it from friends and would carry the guitar with him wherever he went, to social gatherings and even to the beach.

“Sometimes, on Sundays, when the music on the radio was loud, he’d join in, strumming his guitar along,” remembers Litisia. She now keeps her days busy with household chores, trying to cope with the pain of her son’s absence.

“I play loud music to fill the silence. Especially when only my husband and I are at home. We can’t help but remember him, and the memories come flooding back.”


“Lagi niya itong tinutugtog tuwing umuuwi siya galing trabaho. Pinapatugtog niya ito kasama ang mga kaibigan, sumasayaw kasama nito, lalo na pagkatapos niyang makainom nang kaunti. Iyan ang isang bagay na hindin-hindi ko makakalimutan.”

Ang 34-taong-gulang na anak ni Litisia ay may trabaho noon sa konstruksiyon sa Marawi. Mahilig siya sa rock music, lalo na kay Bon Jovi, at palagi niyang tinutugtog ang gitara niya. Natuto siyang mag-gitara dahil sa mga kaibigan, at palagi niyang dinadala ang gitara saan man siya magpunta, sa mga pagtitipon at maging sa tabing dagat.

“Minsan, kapag Linggo, at malakas ang tugtog sa radyo, sumasali siya, tinitipa ang gitara,” naalala ni Litisia. Abala sa ngayon si Litisia sa mga gawaing bahay, sinusubukang harapin ang sakit ng pagkawala ng kaniyang anak.

“Nagpapatugtog ako ng malakas na musika para hindi tahimik. Lalo na kapag kami lang ng asawa ko ang nasa bahay. Hindi namin maiwasang maalala siya, at bumabalik ang mga alaala.”

LITISIA PALAHANG, 64
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao





“My father always wore this jacket and *tutob* (*taqiyah* or skull cap) whenever he went out. He bought them from a thrift shop, which he loved visiting, and these quickly became some of his favourite pieces of clothing.

“I haven’t washed these items for seven years because they were the first things I saw when we returned home after both my parents disappeared. These items are irreplaceable as they are all I have left to remind me of my father. I hope that if my parents are still alive, they will find a way to contact us. We long for peace and for the pain we’ve been carrying for so long to finally ease.”

“Palaging suot ng tatay ko ang dyaket at tutob (*taqiyah* o skull cap) na ito tuwing lumalabas siya. Binili niya ang mga ito sa ukay-ukay na gustong-gusto niyang puntahan, at agad itong naging ilan sa kaniyang pinakapaboritong isuot.

“Hindi ko pa nalalabhan ang mga ito sa loob ng pitong taon dahil ito ang unang mga bagay na nakita ko nang bumalik kami sa bahay matapos mawala ang mga magulang ko. Hindi mapapalitan ang mga bagay na ito dahil ito na lamang ang natitirang nagpapaalala ng tatay ko sa akin. Umaasa ako na kung buhay pa ang mga magulang ko, makakahanap sila ng paraan upang makipag-ugnayan sa amin. Hangad namin ang kapayapaan at sana’y humupa na sa wakas ang kirot na dinadala namin nang sobrang tagal.”

JALIL RADIA, 37
Son of a missing person
Anak ng nawawalang tao





Felicitimo had his son's photo printed on a T-shirt to keep his memory close. His son, whom he describes as "gentle and without vices," went to Marawi to earn a better income after getting married.

"I will never forget him. It would mean everything to me to see him alive again. Even though I received some assistance, it felt heavy receiving it, like it was something in exchange for my son's life. But there's nothing I can do. I have to accept it; I have to accept everything."

Ipinalagay ni Felicitimo ang retrato ng anak niya sa T-shirt upang mapanatiling malapit ang alaala nito. Pumunta sa Marawi ang anak niya, na inilalarawan niya bilang "malambing at walang bisyo," upang magkaroon ng mas magandang trabaho matapos magpakasal.

"Hindi ko siya makakalimutan. Sobrang ikakasaya ko na makita siyang buhay muli. Kahit na nakatanggap ako ng tulong, mabigat sa pakiramdam kong tanggapin iyon, na para bang kapalit iyon ng buhay ng anak ko. Pero, wala akong magagawa. Kailangan kong tanggapin iyon; kailangan kong tanggapin itong lahat."

FELICISIMO RELATIVO, 68
Father of a missing person
Ama ng nawawalang tao





“Ipino-post ko ang retrato ng gitara niya sa *My Day* paminsan-minsan, umaasa na balang araw, makikita niya ito at maaalala kami,” sabi ni Norma.

Binili ng anak niya ang gitara ilang buwan lamang bago siya umalis papuntang Marawi at tuluyang nawala. Pinahahalagahan ito ni Norma dahil mahilig sa gitara ang anak niya mula pa noong bata pa. Mahilig ito kumanta at nangarap na maging mang-aawit.

Hinihiling niya kay Norma na bantayan ang mga gamit niya tuwing wala siya sa bahay. Maingat siya sa mga gamit niya. Laging malinis ang mga sapatos niya, at pinananatili niyang maayos ang lahat. “Napakaingat niya sa mga gamit niya,” naalala ni Norma.

Bilang isang nanay, alam ni Norma na hindi perpekto ang anak niya. “Mayroon siyang mga pagkukulang, tulad ng sinuman, pero masunurin siya at napakadaling mahalín. Kung nagkamali man siya, hindi ko na iyon kontrolado kasi hindi ko iyon papayagan,” sabi niya.

Naghihintay si Norma ng anumang palatandaan ng anak niya. “Hindi ako galit; sana lang makahanap siya ng paraan para magkausap kami. Siya iyong tipo ng tao na magme-message sa akin araw-araw, kaya natural na magtaka at mag-alala kapag hindi siya nag-text.”

NORMA ALABAIN SAIDALI, 60
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao



“I post the photo of his guitar on *My Day* every now and then, hoping that one day he’ll see it and remember us,” says Norma.

Norma’s son bought the guitar just a few months before he left for Marawi and disappeared. She cherishes it because he loved guitars since he was a young boy. He was passionate about singing and dreamt of becoming a singer.

Whenever he wasn’t around, he would ask Norma to keep his belongings safe. He was meticulous with his things. His shoes were always spotless

and he would keep everything neat. “He was very particular about his stuff,” she recalls.

As a mother, Norma knows her son wasn’t perfect. “He had his flaws, like anyone else, but he was obedient and so easy to love. If he ever made mistakes, those were beyond my control because I would never have allowed it,” she says.

Norma longs for any sign of her son. “I’m not angry; I just wish he’d find a way to contact us. He’s the kind of person who would message me every day, so it’s hard not to wonder and worry when he has not texted.”



“Sometimes, when he’d come home, he would ask if I’d cooked fried fish for him. It was his favourite,” remembers Saatra.

Saatra lost her eldest son, a seaweed farmer, during the Marawi conflict. “He was a kind, humble and respectful son,” she says. He was her only companion at home. “When I felt sad, he would hug me and say, ‘Don’t worry, even though father is gone, I’m still here to help you’.”

Now, Saatra prepares her son’s favourite meal and invites her other children to join her, finding comfort in these small gatherings. “I won’t stop making this dish because it was his favourite,” she says. “I hope he’s at peace wherever he is now. And I hope we will be reunited in the hereafter.”

“Minsan, kapag umuuwi siya, tinatanong niya kung nagluto ako ng pritong isda para sa kaniya. Iyon ang paborito niya,” naalala ni Saatra.

Nawala ang panganay na anak ni Saatra noong giyera sa Marawi. Seaweed farmer ang anak niya noon—mabait, mapagpakumbaba, at magalang. Siya ang kaisa-isang kasama ni Satra sa bahay. “Kapag nalulungkot ako, yayakapin niya ako at sasabihin, ‘Huwag kang mag-alala. Kahit wala na si tatay, nandito pa rin ako para tulungan ka’.”

Ngayon, inihahanda ni Saatra ang paboritong pagkain ng panganay niya at inaaya ang iba pa niyang mga anak sa hapag-kainan, na pinagkunan niya ng ginhawa. “Hindi ko ititigil ang pagluluto nito kasi ito ang paborito niya,” sabi niya. “Sana ay payapa na siya, saan man siya naroroon ngayon. At umaasa akong magkikita kaming muli sa kabilang buhay.”

SAATRA SALI, 50
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao





“I just miss him. Whenever I see students graduating, I imagine that he would also have finished school. He was in the eighth grade back then.”

Florencia holds up a T-shirt her son used to wear for physical education in school – a constant reminder of him. Unlike other kids, he wasn’t interested in hanging out with his friends. Instead, he worked to help his family and pay for his schooling. “I never forget how much he truly wanted to go to school,” she shares.

Her son never worried about what course he’d take in college. He wasn’t demanding or fixated on a specific path. He simply focused on his studies and was willing to pursue whatever his parents could afford. “I can’t help but cry when I see students. If he were here, he’d go to school because he genuinely wanted to help us,” says Florencia.

“I promised I’d help you,” he had once told his mother.



“Nami-miss ko siya. Tuwing nakakakita ako ng mga estudyanteng nagtatapos, iniisip ko na nakapagtapos na rin sana siya ng pag-aaral. Nasa ikawalong baitang siya noon.”

Hawak ni Florencia ang T-shirt na dating isinusuot ng anak niya tuwing PE sa paaralan—nagsisilbi itong alaala ng anak niya. Hindi tulad ng ibang bata, hindi siya interesado sa pagsama sa mga kaibigan niya. Sa halip, nagtrabaho siya para matulungan ang pamilya niya at sustentuhan ang pag-aaral niya. “Hindi ko kailanman nakalimutan kung gaano niya kagustong mag-aral,” ibinahagi ni Florencia.

Hindi kailanman nag-alala ang kaniyang anak na lalaki tungkol sa kurso na kukunin niya sa kolehiyo. Hindi siya mapilit o nakapako sa isang tiyak na landas. Nakatuon lamang siya sa pag-aaral niya, at handang ituloy ang anumang kayang tustusan ng mga magulang niya. “Hindi ko mapigilang mapaluha kapag nakakakita ng mga estudyante. Kung narito siya, itutuloy niya ang pag-aaral kasi gusto niya talagang tulungan kami,” sabi ni Florencia.

“Pangako kong tutulungan kita,” minsan niyang sinabi sa nanay niya.

FLORENCIA TIBONG, 57
Mother of a missing person
Ina ng nawawalang tao



Gloria's two sons worked in Marawi and would come home every 15th of the month, bringing her food and money. They'd stay for a few days, and during that time play basketball together.

"When they were home, they would head out to the court to play basketball with their relatives soon after eating food. It was something they did every day," recalls Gloria.

The last time she saw them was on 1 May 2017. A few weeks later, at the public market, she first heard about the Marawi conflict and saw several soldiers.

In the days that followed, whenever she saw soldiers, she would show them a photograph of her sons and ask them, "Sir, by any chance have you seen these boys?" The answer was always the same: "No."

"My sons helped me plough the fields, plant and harvest corn. They were good boys, hardworking and kind. They had gone to Marawi for work, but instead encountered tragedy. It is so hard to accept that they're gone, and that I can't see them. The pain in my heart won't go away. I keep wondering what happened to them. Were they hurt? Did they get enough to eat? As parents, we can't help but think about whether they were able to eat."

Nagtatrabaho noon sa Marawi ang dalawang anak na lalaki ni Gloria, at umuuwi sila tuwing ika-15 ng buwan, na may dalang pagkain at pera para sa kaniya. Mananatili sila ng ilang araw, at sa panahong iyon, maglalaro sila ng basketball.

"Kapag nasa bahay sila, pupunta agad sila sa court para maglaro ng basketball kasama ang mga kamag-anak nila pagkatapos kumain. Ginagawa nila iyon araw-araw," pagkakaalala ni Gloria.

Noong ika-1 ng Mayo 2017 ang huling beses na nakita niya ang dalawa. Lumipas ang ilang linggo nang una niyang marinig sa palengke ang tungkol sa giyera sa Marawi. Nakakita siya ng ilang mga sundalo.

Sa mga sumunod na araw, tuwing makakakita siya ng mga sundalo, ipapakita niya sa kanila ang retrato ng mga anak niya at tatanungin sila, "Sir, baka sakaling nakita ninyo ang mga batang ito?"

"Hindi" ang palaging sagot na kaniyang nakukuha.

"Tinulungan ako ng mga anak kong araruin ang bukid, magtanim, at mag-ani ng mais. Mabubuting bata sila, masipag at mabait. Pumunta sila sa Marawi para magtrabaho, pero trahedya ang nakaharap nila. Napakahirap tanggapin na wala na sila, at hindi ko na sila makikita. Hindi mawala-wala ang kirot sa puso ko. Lagi kong iniisip kung ano ang nangyari sa kanila. Nasaktan ba sila? Nakakakain ba sila nang tama? Bilang mga magulang, hindi natin maiwasang isipin kung nakakain ba sila."

GLORIA L. TOME, 66
Mother of the missing
Ina ng nawawala



ABOUT THE PHOTOGRAPHER

LARRY MONSERATE PIOJO

Larry Monserate Piojo is a visual journalist dedicated to capturing the untold narratives of everyday life. His photographs bring attention to pressing social issues, weaving together themes of humanity and environmental awareness in partnership with organizations striving to make a difference.

The Book of Memories is his first portraiture project with the ICRC. His evocative photographs give a glimpse into the quiet struggles, enduring strength, hope and vulnerability of the families of those missing since the Marawi conflict.

Born and raised in Hinigaran, Negros Occidental, and now based in Manila, Philippines, Larry's photography spans a diverse range of genres, including documentary, photojournalism, portraiture, street, travel, editorial and corporate work. Blending the timeless essence of classical reportage with the spontaneity of contemporary street photography, his images resonate with instinctive empathy and striking clarity.

One of his most compelling long-term projects delves into the lives of Filipinos during rainy days, a poetic exploration of resilience and connection amid life's challenges.

With a passion for storytelling, Larry continues to shed light on the world he moves in, crafting images he hopes quietly resonate with the audience.



TUNGKOL SA LITRATISTA

Si Larry Monserate Piojo ay isang visual journalist na nakatuon sa pagkuha ng mga kuwentong-buhay na hindi pa nabibigyan ng pansin. Nakatuon ang kaniyang mga retrato sa mga isyung panlipunan, pinag-uugnay ang mga tema ng pagkatao at kamalayan sa kapaligiran sa pagtutulungan ng mga organisasyong nagsusumikap na makagawa ng pagbabago.

Ang Aklat ng mga Alaala ang una niyang portraiture project kasama ang ICRC. Ang kaniyang mga nakakaantig na retrato ay nagpapasulyap sa tahimik na pakikibaka, matibay na lakas, pag-asa, at pagiging bukás ng mga pamilya ng mga nawawala mula noong giyera sa Marawi.

Ipinanganak at lumaki si Larry sa Hinigaran, Negros Occidental, at kasalukuyang nakabase sa Maynila, Pilipinas. Sumasaklaw ang kaniyang potograpiya sa iba't ibang uri ng genre, kabilang ang dokumentaryo, photojournalism, portraiture, street, travel, editorial, at corporate. Sa pamamagitan ng pagsasama ng klasikal na pag-uulat at ng makabagong street photography, nagtataglay ang mga retrato niya ng likas na empatiya at kapansin-pansing kalinawan.

Isa sa kaniyang pinakakapana-panabik na pangmatagalang proyekto ay ang paglarawan ng búhay ng mga Pilipino tuwing tag-ulan, isang pagsasaliksik ng katatagan at koneksiyon sa gitna ng mga hamon ng búhay.

Dala ang kanyang hilig sa pagbabahagi ng kuwento, patuloy na nagbibigay-liwanag si Larry sa mundong kaniyang ginagalawan, lumilikha ng mga retratong inaasahan niyang tahimik na tatatak sa mga makakakita nito.

The ICRC helps people around the world affected by armed conflict and other violence, doing everything it can to protect their lives and dignity and to relieve their suffering, often with its Red Cross and Red Crescent partners. The organization also seeks to prevent hardship by promoting and strengthening humanitarian law and championing universal humanitarian principles.

People know they can count on the ICRC to carry out a range of life-saving activities in conflict zones and to work closely with the communities there to understand and meet their needs. The organization's experience and expertise enables it to respond quickly and effectively, without taking sides.



International Committee of the Red Cross
17/F NEX Tower
6786 Ayala Avenue, Makati 1229
T +63 2 8892 8901
F +63 2 8819 5997
E-mail manila@icrc.org

 facebook.com/icrcph
 www.icrc.org/ph